



**-I-POST KUNG SAAN MADALING MABABASA NG MGA EMPLEYADO-
-ANG MGA LALABAG AY BIBIGYAN NG PARUSA-**

OPISYAL NA PAUNAWA

Halaga Ng Pinakamababang Pasahod

\$15.65 Kada Oras

PINAKAMABABANG PASAHOD SA MILPITAS

Magiging Mabisa sa: Hulyo 1, 2021

Simula **Hulyo 1, 2021**, ang mga employer na sumasailalim sa kinakailangan na business license ng Milpitas o na nagpapanatili ng isang pasilidad ng negosyo sa Milpitas ay dapat magbayad sa bawat empleyado na nagtatrabaho ng hindi bababa sa dalawang (2) oras ng trabaho bawat linggo sa Milpitas ng sahod na hindi bababa sa **\$15.65 kada oras**.

Ang kinakailangan na pinakamababa na sahod na nakalagay sa Ordinansa ng Milpitas Minimum Wage ay nalalapat sa mga may sapat na gulang at menor de edad na mga empleyado na nagtatrabaho ng dalawa (2) o higit pang oras kada linggo (hindi kasama ang mga tip). Magiging mabisa ito mula Hulyo 1 ng bawat taon, babaguhin ng Lungsod ang pinakamababa na sahod batay sa Consumer Index ng Bay Area na inilathala ng Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos.

Sa ilalim ng Ordinansa, ang mga empleyado na igigiit ang kanilang mga karapatan upang makatanggap ng pinakamababa na sahod ng Lungsod ay protektado mula sa pagganti. Ang mga empleyado ay maaaring magsampa ng demanda sa sibil laban sa kanilang mga employer para sa anumang paglabag sa Ordinansa o maaaring magsampa ng reklamo sa Lungsod ng Milpitas. Sisiyasatin ng Lungsod ang posibleng mga paglabag, magkakaroon ng access sa mga talaan ng payroll, at ipatutupad ang mga paglabag sa kinakailangan ng pinakamababa na sahod sa pamamagitan ng pag-uutos ng reinstatement ng mga empleyado, pagbabayad ng back wages na labag sa batas na hindi ibinigay, at mga multa.

Kung mayroon kang mga katanungan, nangangailangan ng karagdagang impormasyon, o naniniwala na hindi ka binabayaran nang tama, mangyaring makipag-ugnay sa iyong employer o sa Lungsod ng San Jose sa:

Lungsod ng San Jose
200 E Santa Clara Street
San Jose, CA 95113
(408) 535-8430
Email: mywage@sanjoseca.gov